



Plano Sa Pangangasiwa Ng Halalan E.C. 4005 (a)(10)(I)

Lupe Villa

Registrar Ng Mga Botante

COUNTY NG KINGS

1400 W. LACEY BLVD BLDG 7

HANFORD, CA 93230

TELEPONO: (559) 852-4401 FAX: 559 585 8453

elections@countyofkings.com

www.votekingscounty.com

TALAAAN NG MGA NILALAMAN

PANIMULA.....	Pahina 3
SEKSYON 1 – PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN – MODELO	
NG SENTRO NG BOTOHAN.....	Pahina 4
1A - PANGKALAHATANG IMPORMASYON.....	Pahina 4
Mga Tantiyang Gastos sa Ilalim ng Planong Ito.....	Pahina 4
Konsiderasyon para sa Napagagalaw na Sentro ng Botohan	Pahina 6
Naa-abot na Libreng Tawag sa Telepono (<i>Toll Free</i>).....	Pahina 7
1B – PAGKAKAROON NG BALOTA.....	Pahina 7
Pagtanggap ng Balota pa sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....	Pahina 7
Paghiling ng Magagamit na Balota – Mga Sentro ng Botohan.....	Pahina 8
Paghiling ng Balota na Magagamit sa Malayuang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....	Pahina 9
Paghiling ng Kapital na Balota.....	Pahina 9
1C – MGA MAHALAGA SA SENTRO NG BOTOHAN.....	Pahina 10
Pangkalahatang Impormasyon.....	Pahina 10
Seguridad ng Proseso ng Pagboto sa Mga Sentro ng Botohan, Tiwasay na Pagboto sa Sentro ng Botohan.....	Pahina 10
Pag-iwas sa Pagkagambala, Patuloy na Pagpapatakbo ng Sentro ng Botohan..	Pahina 11
Tauhan sa Sentro ng Botohan.....	Pahina 12
Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may Kapansanan.....	Pahina 12
Disenyo at Kaayusan ng mga Sentro ng Botohan.....	Pahina 13
Dami ng mga Sentro ng Botohan na Itatatag.....	Pahina 13
Ang Lokasyon at Oras ng Bawat Sentro ng Botohan.....	Pahina 14
Mga Mapa ng Lokasyon ng Sentro ng Botohan.....	Pahina 14

ID – MGA MAHALAGA SA KAHONG HULUGAN NG MGA BALOTA.....	Pahina 14
Pangkalahalatang Impormasyon.....	Pahina 14
Dami ng Kahong na Hulugan na Itatag.....	Pahina 15
Lokasyon at mga Oras ng Bawat Kahong Hulugan ng Balota.....	Pahina 15
Mga Mapa ng Kahong Hulugan ng Balota.....	Pahina 15
IE – MGA GAWAIN PAGKATAPOS NG HALALAN.....	Pahina 15
Pagtugon sa Mga Makabuluhang Pagkakaiba sa Pag-aabot at	
Pakikilahok ng Botante.....	Pahina 15
Tulong sa SOS na may Ulat sa Lehislatura; Magbigay ng	
Istatistika ng Halalan.....	Pahina 16
SEKSYON 2 – PAGTUTURO SA BOTANTE AT PLANO NG PAG-AABOT.....	Pahina 16
2A – PAGTATAG NG MGA KOMITENG PAGKOKONSULTAHAN SA	
WIKA AT NAA-ABOT NG BOTANTE (LAAC AND VAAC).....	Pahina 16
2B – PAGKILALA NG WIKA NG MGA MINORIDAD NA BOTANTE.....	Pahina 16
2C – <i>WEBSITE</i> NA MAGKAKARON NG IMPORMASYON NA	
MARARATING AT MAGAGAMIT.....	Pahina 16
2D – PAGGAMIT NG MEDYA PARA SA PAGTURO AT PAG-ABOT	
SA MGA BOTANTE.....	Pahina 17
2E - PAGDALO NG KOMUNIDAD PARA TURUAN ANG MGA	
BOTANTE TUNGKOL SA BATAS SA PAGPILI.....	Pahina 18
2F - PAGGAMIT NG MGA PAGKUKUNAN PARA SA EDUKASYON	
AT PAG-ABOT SA MGA BOTANTE.....	Pahina 19
2G – DIREKTANG PAG-BIBIGAY ALAM SA MGA BOTANTE	
SA PAMAMAGITAN NG KOREO.....	Pahina 19
2H – POSTKARD NA BAYAD SA KOREO PARA SA PAGHIHILING	
NG MGA MATERYAL.....	Pahina 20
2I – PANTAS-ARAL(<i>WORKSHOP</i>) PARA SA LAHAT NG MGA	
BOTANTE PARA SA PAGTURO SA PAGBOTO.....	Pahina 20

2J – PAMPUBLIKONG SERBISYONG PAGAANUNSYO PARA SA LAHAT NA BOTANTE.....	Pahina 21
2K – PAMPUBLIKONG SERBISYONG PAGAANUNSYO PARA SA LAHAT NA BOTANTE.....	Pahina 21
2L – PAMPUBLIKONG SERBISYONG PAGAANUNSYO PARA SA LAHAT NA BOTANTE.....	Pahina 21
Apendise A Iminungkahing mga Lokasyon ng Sentro ng Botohan.....	Pahina 22
Apendise B Mga Konsiderasyon sa Iminunghahing Lokasyon ng Sentro ng Botohan.....	Pahina 23
Apendise C Iminungkahing Mapa ng Lokasyon ng Sentro ng Botohan.....	Pahina 24
Apendise D Iminungkahing mga Lokasyon ng mga Kahong Hulugan ng Balota....	Pahina 25
Apendise E Mga Konsiderasyon sa Iminungkahing ng mga Kahong Hulugan.....	Pahina 26
Apendise F Iminungkahing Mapa ng Lokasyon ng Kahong Hulugan.....	Pahina 27
Apendise G Kaayusan ng Muestra ng Sentro ng Botohan.....	Pahina 28
Apendise F Paghahambing ng Gastos sa Pag-abot.....	Pahina 29

Panimula

Noong 2016, nilikha ng Panukalang Batas sa Sendao (*Senate Bill*) 450 ang Batas sa Pagpili ng mga Botante sa California (*California Voter's Choice Act (VCA)*). Ang VCA ay isang modelo ng halalan na nagbibigay sa bawat rehistradong botante ng balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (*Vote-by-Mail (VBM)*). Bilang karagdagan, pinalitan ng Mga Sentro ng Botohan ang tradisyonal na mga lokasyon ng botohan at pinatatakbo ng karagdagang mga araw na nag-aalok sa mga botante ng mas higit na pagkakataon na bumoto. Labing-apat na county ang inalok ng pagkakataong *i-pilot* ang modelong VCA noong 2018 na may 5 na piniling gawin ito at mula noon, ang mga karagdagang county ay naghalal na baguhin ang kanilang mga modelo ng halalan sgamit ang VCA kabilang ang mga county ng Los Angeles at Fresno.

Noong Hunyo ng 2020, dahil sa mga paghihigpit sa pagtitipon dahil sa patuloy na pandemyang COVID-19, nilagdaan ni Gobernador Newsom ang mga nakakataas na utos na nagpapahintulot sa mga county na magsagawa ng Pangkalahatang Halalan noong Nobyembre 2020 gamit ang isang modelong tulad ng VCA, na sinamantala ng Kings County.

Noong Hulyo ng 2021, pinagtibay ang batas na pang-emerhensiya upang payagan ang mga county na muling gamitin ang modelong tulad ng VCA para sa Halalan sa Pag-bawi ng Gubernatoryal noong Setyembre 2021. Bilang karagdagan, ang Panukalang Batas sa Asembleyo (*Assembly Bill*) 37 ay nilagdaan bilang batas ni Gobernador Newsom na nag-aatas sa lahat ng

aktibong rehistradong botante na padalhan ng VBM na balota para sa lahat ng halalan pagkatapos ng Enero 1, 2022.

Dahil sa mga karanasan sa modelong tulad ng VCA na ginamit sa 2020 Pangkalawakan at 2021 Pagbawing Halalan sa Gubernatoryal, at sa pagpasa ng Panukalang Batas sa Asembleyo 37, natukoy ng Departamento ng Halalan ng Kings County na magiging kapaki-pakinabang ang paglipat mula sa tradisyonal na modelo ng lugar ng botohan patungo sa VCA. Ang Departamento ng Halalan ng Kings County ay bumuo ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (*Election Administration Plan (EAP)*) sa pakikipagtulungan sa ating komunidad, kontribusyon mula sa ating mga Komiteng Pagkukonsultahan sa Naa-abot na Wika at Naa-abot ng mga Botanteng Pagkokonsultahan (*Language Accessibility Advisory at Voter Accessibility Advisory Committees (LAAC at VAAC)*), gamit ang mga aral na natutunan at gabay mula sa ibang mga county na gamit ang VCA at ng Opisina Kalihim ng California. Ang pag-apruba sa paunang EAP ay inisyu ng opisina ng Kalihim ng Estado noong Abril 6, 2022, at ang unang halalan na isinagawa sa ilalim ng modelong VCA ay naganap noong Hunyo 7, 2022.

Ang Kodigo ng Halalan ng (*California Elections Code*) ay nangangailangan ng mga pag-bago ng EAP ay dapat mangyari sa loob ng dalawang taon ng pag-angkop ng unang EAP at kada apat na taon pagkatapos. Kukumpletuhin ng Kings County ang 2-taong pag-pabago sa 2023 dahil sa paparating na 2024 pag-ikot ng Halalang Pangpresidente.

SEKSYON 1 – PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN – MODELONG SENTRO NG BOTOHAN

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Mga Tinantyang Gastos sa Ilalim ng Planong Ito – Kodigo ng mga Halalan ng California §4005(a)(10)(I)(v), §4005(g)(2)

Ang Departamento ng Mga Halalan ay nangangasiwa ng mga halalan na patas, legal, at malinaw na may pinakamataas na antas ng integridad at pangako. Nagsusumikap kaming epektibong ipaalam at turuan ang mga botante sa kasalukuyan at hinaharap tungkol sa mga kinakailangan sa pagpaparehistro, ang proseso ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, Mga Sentro ng Botohan, at mga lokasyon ng Hulugan ng Balota. Upang makamit ang layuning ito, kailangan ang malawak na edukasyon at pag-aabot sa botante. Kodigo ng mga Halalan ng California Seksyon 4005, kung saan ang modelo ng VCA ay naka-kodify at nag-aatas na dalawang magkahiwalay na pagpapadala ng koreo sa lahat ng mga botante bago ang anumang halalan. Ito ay karagdagan sa anumang ipinag-uutos na pagpapadala sa koreo, gaya ng Mga Gabay sa Impormasyon ng Botante at iba pang materyal na nauugnay sa halalan. Ang sumusunod na talahanayan ay

nagpapakita ng mga gastos na natamo para sa mga kinakailangang VCA Padala sa koreo para sa parehong Hunyo 7, 2022 Gubernatorial Primary at Nobyembre 8, 2022 Pangkalahatang halalan.

Election	VCA Mailer 1	VCA Mailer 2	Total
Hunyo 2022 Pangunahing Halalan	\$9,716.16	\$14,999.70	\$24,715.86
Nobyembre 2022 Pangkalahatang Halalan	\$9,567.97	\$17,111.43	\$26,679.40

Ang pagkakaiba sa mga gastos sa pagitan ng VCA Padala sa Koreo 1 at 2 ay dahil sa dami ng impormasyong isinama sa pangalawang VCA . Kabilang dito ang impormasyon kung kailan ipinadala ang mga balota, mga lokasyon at oras ng operasyon ng mga Sentro ng Botohan, mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa departamento. Sinasaklaw ng mga natitirang pondo mula sa 2021 Pambawing Halalan ang halaga ng mga padala sa koreo para sa Hunyo 2022 Pangunahing Halalan habang ang pagpopondo mula sa opisina ng Kalihim ng Estado ay sumasakop sa gastos ng mga padala para sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2022. Dahil ang pagpopondo sa hinaharap ay hindi tiyak, ang county ay dapat na handa na gumastos ng humigit-kumulang \$30,000 para sa mga VCA padala sa koreo bawat halalan. Ang Departamento ng Halalan ay patuloy na hihingi ng karagdagang pondo mula sa opisina ng Kalihim ng Estado pati na rin ang paghahanap ng impluensya (*lobby*) para sa mga pagbabago sa bilang ng mga pagpapadala sa koreo para sap ag-abot na kinakailangan ng mga regulasyon ng VCA at kodigo ng halalan.

Simula Enero 2023, ang mga gastos sa komunikasyon ng datos para sa *KNOWiNK Poll Pads* ay nagkakahalaga ng \$25.00 bawat Sulatan ng Boto (*Poll Pad*) kada buwan. Iyon ay nagkakahalaga ng \$750.00 bawat halalan para sa lahat ng 30 *Poll Pad* o \$1,500.00 bawat ikot ng halalan. Bagama't ang lahat ng 30 *Poll Pad* ay hindi ibinibigay sa mga Sentro ng Botohan, dapat nating ihanda ang mga ito na ipamigay kung sakaling ang isang sentro ay nangangailangan ng kapalit.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga ibinayad sa Kawani sa Halalan, mga Inspektor, at Lokasyon sa ilalim ng Modelong VCA:

Bayad ng Manggagawa sa Botohan	Bayad ng Inspektor	Bayad ng Lokasyon
\$150.00 kada araw	\$200.00 kada araw	\$125.00 kada araw

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng pinalawak na mga gastos ng Mga Manggagawa Sa Botohan at Lokasyon ng Botohan kasama ang bilang ng mga manggagawa at lugar na ginamit para sa nakaraang dalawang halalan sa ilalim ng modelo ng VCA:

Halalan	Bayad ng Manggagawa sa Botohan	Gastos sa Lokasyon	Bilang ng mga Manggagawa	Bilang ng mga Lokasyon
Hunyo 2022 Pangunahing Halalan	\$41,275.00	\$3,500.00	62	7
Nobyembre 2022 Pangkalahatang Halalan	\$41,250.00	\$3,910.00	62	7

Ang dahilan ng pagkakaiba sa gastos sa pagitan ng dalawang halalan ay dahil sa dalawang lokasyon na naniningil para sa mga serbisyo sa paglilinis na hindi kasama noong Hunyo 2022.

Ang Departamento ng Halalan ay inasahan ang mga sumusunod na gastos para sa mga nakatakdang halalan sa hinaharap. Tandaan na ang gastos ay bawat halalan:

Gastos para sa Manggagawa sa Botohan	Gastos sa Lokasyon	Mga Gastos sa Padala sa Koreo	Bilang ng mga Manggagawa	Bilang ng mga Lokasyon
\$42,000.00	\$4,000.00	\$30,000.00	60	7

Ang mga tinanyag gastos na nauugnay sa VCA ay ipinapakita sa Apendise F.

Konsiderasyon para sa Gumagalaw na Sentro ng Botohan – California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(B)(xiv)

Noong unang ginalugad ng County ang posibilidad ng paglipat sa Modelo ng VCA, nagsagawa ng pananaliksik ang departamento sa pagkuha ng Gumagalaw na Sentro ng Botohan. Ang Departamento ng Halalan ay nakipag-ugnayan sa iba't ibang mga Departamento ng Halalan sa buong estado tungkol sa paggamit ng Gumagalaw na Sentro ng Botohan. Ang Registrar ng mga Botante ay naglibot sa mga Gumagalaw na Sentro ng Botohan mula sa mga nakapaligid na county. Sa panahon ng proseso, tinukoy ng departamento ang ilang alalahanin kabilang ang mga sumusunod: Gaano kadalang puntahan ang Gumagalaw na Sentro ng Botohan; saan namin iniimbak ang sentro kapag hindi ginagamit; paano namin dinadala ang sentro mula sa lokasyon patungo sa ibang lokasyon; at panghuli, ano ang magiging halaga ng isang yunit na malamang na gagamitin naming ng dalawang beses kada dalawang taon. Tinatantya noong panahong iyon na ang isang maliit na treyler at isang pangmalakasang gamit na trak na magdadala nito ay nagkakahalaga sa departamento sa pagitan ng \$200,000 hanggang \$250,000 pagkatapos ng mga

gastos sa conversion at pagba-brand. Hindi kasama dito ang mga patuloy na bayarin tulad ng mga gastos sa pangangalaga, bayad sa pagpaparehistro, bayad sa paradahan, atbp.

Sa halip, pinili ng departamento na mag-alok ng mga serbisyo ng "Pop-Up" na mga lokasyon ng botohan gaya ng hiniling. Ang "Pop-Up" na lokasyon ng pagboto ay mag-aalok ng lahat ng parehong mga serbisyo tulad ng karaniwang Sentro ng Botohan ngunit ito ay gagana para sa mga limitadong oras kumpara sa mga kinakailangang takdang oras (*time frame*) ng isang karaniwang Sentro ng Botohan. Anumang "Pop-Up" na mga lokasyon ng botohan ay maplano nang maaga at magbibigay sa departamento ng sapat na oras upang ipakalat ang pangunahing impormasyon sa mga grupo ng komunidad pati na rin sa aming mga labasan ng *social media*.

Naa-abot na Libreng Tawag sa Telepono – Kodigo ng Halalan ng California §4005(a)(10)(I)(vii)

Ang impormasyong nagsusulong ng libreng tawag na numerong tulong sa botante ng Departamento ng Mga Halalan ng County ng Kings ay ibinibigay sa lahat ng mga dokumentong naglalaman ng *letterhead* ng departamento bilang karagdagan sa lahat ng mga pagpapadala bago mag-eleksyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa ipapadalang compirmasyon ng tirahan (8d2 at 2225(b) at Mga Gabay na Impormasyon pa sa Botante. Ang tulong na walang bayad na tawag sa botante ay nai-lathala din sa *website* ng Ekeksyon ng County. Nag-aalok ang Departamento ng Halalan ng walang bayad na tawag bilang suporta sa lahat ng oras ng operasyon. Ang tatawagang libre na numero ay 1-800-289-9981 ext. 4401. Mga botante na bingi, malabo ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ay pwedeng tumawag sa Opisina ng Halalan sa pamamagitan ng California Relay Service 711.

1B - PAGKAKAROON NG BALOTA

Pagtanggap ng Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo – Kodigo ng mga Halalan ng California §3000.5

Alinsunod sa Kidogo ng mga Halalan ng California Code §3000.5(a) at mga regulasyon ng VCA, lahat ng rehistradong botante ay padadalhan ng balota 29 araw bago ang halalan na may kasamang selyo ang ibabalik na sobre. Ang nakapaloob na balota ay maaaring markahan at ibalik sa sobre na may pagkakakilanlan na kasama ng pakete ng Boto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang ibabalik na sobre ay malinaw na minarkahan upang ipahiwatig na ang selyo ay binayaran. Ang sobreng paglagyan ng ibabalik na balota ay naglalaman din ng dalawang sadyang inilagay na butas na nakapalibot sa kahon ng lagda. Ito ay upang matulungan ang mga botante na may kapansanan sa paningin sa paghahanap kung saan pipirmahan ang ibabalik na sobre at upang matiyak na ang kanilang balota ay nakapaloob.

Ang Kagawaran ng Halalan ng Kings County ay patuloy na mag-aalok ng "Nasaan ang Aking Balota?" mga serbisyo sa pagsubaybay sa balota na magagamit ng lahat ng mga botante. Ang serbisyo ay nagpapahintulot sa mga botante na makatanggap ng mga bagong kaalaman o *update* sa katayuan ng paghahatid ng kanilang balota habang ito ay umuusad sa pamamagitan ng koreo at sa pamamagitan ng pagproseso ng Departamento ng Halalan ng Kings County. Ang mga botante na nagparehistro ay maaaring makatanggap ng mga awtomatikong email, SMS (text), o pang-abisong tawag tungkol sa kanilang balota. "Nasaan ang Aking Balota?" ay isang ligtas na *software application* na nakakahanap ng mga sobre ng balota sa pamamagitan ng numero ng pagkakakilanlan ng *absentee voter* A.V. ID (Absentee Voter Identification) number, isang natatanging numero na pinapalitan sa bawat halalan. Nakikipagtulungan ang BallotTrax sa Mga opisya ng Halalan at sa Serbisyo ng Koreo sa U.S. (USPS) upang magpadala ng mga mensahe ng botante kapag nakarating at natanggap na ang kanilang balota. Ang mga botante ay maaaring magpatuloy na magparehistro para sa BallotTrax sa wheresmyballot.sos.ca.gov o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Halalan.

Paghiling ng Magagamit na Balota - Mga Sentro ng Botohan

Ang lahat ng aktibong rehistradong botante ng Kings County ay maaaring gumamit ng naa-abot na mga aparato sa pagmamarka ng balota sa alinmang Sentro ng Botohan. Habang ang mga botante ay naka-check in, ang mga kawani ng Sentro ng Botohan ay magtatanong kung ang botante ay gustong bumoto sa isang tradisyonal na papel na balota o gamitin ang aparato sa pagmamarka ng balota. Kung ang aparato sa pagmamarka ng balota ay pinili, ang isang sesyon ay isaaktibo at ang balota ay maaaring markahan gamit ang *touch screen display*, ibinigay na *audio tactile* na aparato, o kanilang sariling pantulong na teknolohiya. Ang mga mapupuntahan na makina ng pagboto ay inayos upang bigyang-daan ang lahat ng mga botante ng pagkakataong bumoto nang pribado at independyente.

Pag-hiling ng Balota na Magagamit sa Malayuang Pagboto Sa Pamamagitan Ng Koreo – Mga Kodigo Ng Halalan ng California §3016.7

Ang Departamento ng Halalan ng Kings County ay patuloy na magagamit ang sistemang Malayuang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo para sa mga humihiling ng magagamit na balota sa Paagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang Sistemang Naa-abot Na Malayuang Pagboto Sa Pamamagitan Ng Koreo ay orihinal na nilikha upang ligtas na maihatid ang mga balota sa mga botante na may mga kapansanan, militar, at mga botante sa ibang bansa. Gayunpaman, dahil sa pagpasa ng Panukala Ng Asembleya 37 noong 2021, ang sinumang botante ay maaaring humiling ng paggamit ng Sistemang Naa-abot Na Malayuang Pagboto Sa Pamamagitan Ng Koreo. Ang sistemang Naa-abot Na Malayuang Pagboto Sa Pamamagitan Ng Koreo ay nagbibigay sa mga botante ng kakayahang humiling ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na balota na maihatid sa elektronikong paraan sa botante mula sa isang awtorisado at protektadong *website*. Ang elektronikong balota ay maaaring ma-aabot sa pamamagitan ng kompyuter ng botante, mamarkahan nang pribado at independiyente, at pagkatapos ay i-printa. Ang balota ay maaaring ibalik sa pamamagitan ng koreo, kahong hulugan, o personal na ibalik sa alinmang Sentro ng Botohan o sa Opisina ng mga Halalan upang iproseso. Ang mga pamamaraan sa kung paano humiling ng Malayuang Naa-aabot na balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay ibinabahagi sa aming *website*, sa mga pampublikong pag-aabot na kaganapan, at sa mga kinakailangang pagpapadala ng eleksiyon. Ang isang pabalik na selyo na binayaran ng Malayuang Naa-aabot na balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo paghiling ng tarheta ay kasama sapakete ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang mga botante ay maaari ding humiling ng pagkakaroon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Opisina ng Halalan sa pamamagitan ng telepono o e-mail.

Paghiling ng Kapital na Balota – Kodigo ng Halalan ng California §3014(a)

Ang sinumang botante ay maaaring humiling ng kapital na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Aplikasyon ng Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ng Kapital ng California. Ang porma ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Halalan sa pamamagitan ng e-mail, telepono sa 1-800-289-9981 ext. 4401 o (559) 852-4401, nang personal, o *i-download* mula sa aming *website*. Kapag naibalik na ang aplikasyon at napatunayan na ang pirma ay tugma sa rekord ng botante, ibibigay ang kapital na balota. Ang porma ay maaaring ibalik sa Departamento ng Halalan sa pamamagitan ng e-mail sa: elections@countyofkings.com, fax sa (559) 585-8453, sa pamamagitan ng koreo o USPS o pagpadeliber sa nagdadala, o nang personal.

1C - MGA MAHALAGA SA SENTRO NG BOTOHAN

Pangkalahatang Impormasyon

Ang mga Sentro ng Botohan ay patuloy na gagamitin, at nagpapahintulot sa mga botante na bumoto nang personal, sa papel man o sa pamamagitan ng paggamit ng isang naa-abot na aparato sa pagmamarka ng balota. Maaaring bumoto ang mga botante, humiling at tumanggap ng mga kapalit na balota, at baguhin o i- *update* ang kanilang pagpaparehistro sa alinmang Sentro ng Botohan. Ang mga botante na hindi nakarehistro bago ang pagsasara ng rehistrasyon (15 araw bago ang halalan), ay magagamit ang Kondisyonal na Proseso ng Pagpaparehistro ng Botante sa alinmang Sentro ng Botohan at bumoto ng isang pansamantala/kondisyon na balota hanggang sa Araw ng Halalan.

Seguridad ng Proseso ng Pagboto sa Mga Sentro ng Botohan, Ligtas na Pagbtoto sa Sentro ng Botohan – Kodigo ng Halalan ng California §4005(a)(10)(I)(iv)

Ang *KNOWiNK Poll Pad* sistem ay ipapakalat sa lahat ng Sentro ng Botohan upang matiyak na wasto at tamang pagboto ang nagaganap. Ang *KNOWiNK “E-Pulse” on-line suite* ay gagamitin sa Opisina ng Halalan upang matiyak na ang mga talaan ng botante ay na-*update* sa loob ng Sistema sa Pangangasiwa ng Halalan (*Election Management System (EMS)*) sa real time. Ang pagbuo ng "Gateway" sa aming EMS ay nakumpleto at nagamit para sa Pangkalahatang Halalan ng Hunyo 2022 Primary at Nobyembre 2022. Ang gateway ay nagbibigay-daan para sa data sa pagitan ng E-Pulse at aming EMS na maibahagi nang hindi nangangailangan ng mga kawani na manu-manong mag-upload ng mga ulat. Ito naman ay nag-a-update sa katayuan ng pag-verify ng mga botante sa mga poll pad na naka-deploy sa mga Sentro ng Pagboto sa tamang oras.

Ang lahat ng serbisyo sa pagboto na isinasagawa sa isang Vote Center ay sumusunod sa mga pamantayan ng seguridad ng Kalihim ng Estado, mga pamamaraan ng seguridad ng Kings County, mga regulasyon sa Kodigo ng Halalan ng California at sa Mga Pamamaraan sa Paggamit ng Sistema sa Pagboto ng California. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, pagtiyak na ang lahat ng kagamitan sa Sentro ng Botohan ay selyado, iniingat, iniimbak, at ginagamit bilang pagsunod sa mga regulasyong ito. Ang lahat ng kagamitan sa halalan ay dumadaan sa malawak na pagsusuri sa *Logic & Accuracy (L&A)* upang matiyak na ang bawat piraso ng kagamitan ay nasa wastong ayos para magamit bago ang anumang deployment.

Ang mga kasalukuyang pamamaraan ay nangangailangan na hindi bababa sa tatlong manggagawa sa halalan ang naroroon sa lahat ng oras kapag ang lugar ay bukas sa publiko at lahat ng mga miyembro ay naroroon sa oras ng pagbubukas at pagsasara ng mga pamamaraan sa Sentro ng Botohan.

Bago ang pagbubukas ng Sentro ng Botohan sa bawat araw ng pagboto, ang lahat ng numero ng selyadong seguridad sa lahat ng kagamitan ay dapat na mapatunayan laban sa mga numerong naitala ng Opinsina ng Halalan sa oras ng pagpagamit ng kagamitan. Ito ay gagawin ng Inspektor ng Sentro ng Botohan at isa pang miyembro ng tauhan ng Sentro ng Botohan. Anumang kagamitang makikita na may nawawala o binagong mga selyo ay agad na aalisin sa serbisyo at iuulat sa Registrar ng mga Botante at/o Superbisor ng Halalan.

Kasama sa mga pamamaraan ng pagsasara sa Sentro ng Botohan ang pag-secure ng mga sumusunod na bagay sa loob ng ligtas na hawla ng kaligtasan na naka-ilagay sa lahat ng mga Sentro ng Botohan: mga tarhetang pag-aktiba sa mga gamit sa pagmamarka ng balota, ang *KNOWiNK Poll Pads*, susi sa lalagyan ng Naililipat na Pagrinta ng Balota, at Tsapang ID Ng Manggagawa sa Halalan. Tanging ang mga kawani ng Inspektor ng Sentro ng Botohan sa Opsina ng Halalan ang may susi sa ligtas na hawla ng kaligtasan.

Lahat ng mga balota, kabilang ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, mga balotang ihinulog nang personal, kondisyonal na pagpaparehistro ng botante at mga pansamantalang balota, mga sira at isinuko na mga balota ay ligtas na dadalhin sa Opisina ng mga Halalan ng Kings County araw-araw. Titiyakin ng Departamento ng Mga Halalan ang kabuuang bilang ng mga balota na ibinalik ay itutugma sa kadena ng pangangalaga ng balota at mga porma ng tagabilang ng balota na kinumpleto ng mga kawani ng Sentro ng Botohan.

Pag-iwas sa Pagkagambala, Patuloy na Pagpapatakbo sa Sentro ng Botohan – Kodigo ng Halalan ng California §4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)(ia), §4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)(ib)

Ang Sheriff ng Kings County, ang Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emerhensya ng Kings County, mga lokal na Departamento ng Pulisya, Mga Departamento ng Bumbero, mga kumpanya ng kagamitan (*utility*), at mga Departamento ng California Highway Patrol na naglilingkod sa Kings County ay binigyan ng listahan ng lahat ng mga Sentro ng Botohan at mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota. Hinihiling na sakaling magkaroon ng isyu, makipag-ugnayan kaagad ang ahensya sa Kings County Registrado ng mga Botante o sa Superbisor ng Halalan upang magbigay ng impormasyon tungkol sa pagkagambala. Makikipag-ugnayan ang kawani ng Sentro ng Botohan sa Opisina ng Halalan para ipaalam sa kanila ang anumang kaguluhang naranasan. Ang Departamento ng mga Halalan ay magbibigay ng direksyon at magpapadala ng pangkat na lumalabas (*field team*) para tumulong kung kinakailangan. Ang aklat ng mga pamamaraang pang-emerhensiya ay kasama sa mga panustos ng Sentro ng Botohan na nagdedetalye ng pinakamahuhusay na kagawian para sa paghawak ng mga natural at gawa ng tao na mga sakuna.

Ang lahat ng kawani, kabilang ang mga nagtatrabaho sa Mga Sentro ng Botohan, at ang mga nagbibigay ng teknikal at suporta sa pagsunod, ay dadalo sa pagsasanay sa pagpapatakbo ng kagamitan sa pagboto, pagtatayo ng Sentro ng Botohan, pagtulong at pagproseso ng mga botante, pag-protakta sa mga sensitibong kagamitan bawat gabi, at ang mga wastong pamamaraan sakaling magkaroon ng emerhensya.

Ang Departamento nge Eleksiyon ay mayroong 12 Hind Napuputol Na Tustos ng Koryente (*Uninterruptible Power Supply (UPS)*) na baterya na maaaring i-pagamit upang tumulong sa mga pangangailangan ng enerhiya sakaling magkaroon ng emerhensyaw. Ang lahat ng mga lokasyon ay magkakaroon ng cell phone.

Ang Kings County Departamento ng Halalan ay agad na gagawing malutas ang anumang pagkagambala sa isang Sentro ng Botohan at ang bawat pagkagambala ay magkakaroon ng sarili nitong tugon. Sa pangkalahatan, kung ang isang Sentro ng Botohan ay naabala, ang Departamento ng Mga Halalan ay agad na papuntahin ng mga kawani ang mga botante sa iba pang mga Sentro ng Botohan at ipapaalam sa lokal na pulisya, ang opisina ng Kalihim ng Estado, at magbibigay ng mga pagbabago sa pamamagitan ng aming *webpage* at *social media* upang matiyak na alam ng mga botante. Kung may natural na sakuna o iba pang kaguluhan na naganap na nakakaapekto sa isang Sentro ng Botohan o isang Kahong Hulugan ng Balota na pisikal na lokasyon, ang mga karagdagang pagpapa-abiso, karatula at kawani ay magagamit para idirekta ang mga botante sa isang kahaliling lokasyon. Kung ang lahat ng aktibidad sa isang Sentro ng Botohan ay itinigil, agad na sisiguraduhin ng kawani na ang Sentro ng Botohan ang mga kawani ay iligtas ang mga kagamitan at bibilangin lahat ng materyales sa pagboto alinsunod sa California Kodigo ng Halalan at alituntunin sa Paggagawa at Pagtatapos ng Balota kung ligtas na gawin ito. Susubukan ng Kings County Departamento ng Halalan na magbukas ng kapalit na Sentro ng Botohan at agad na ipakalat ang impormasyon sa publiko tungkol sa pagbabago.

Tauhan sa Sentro ng Botohan - California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Inaasahan ng Kings County ang hindi bababa sa limang kawani sa bawat Sentro ng Botohan at magbibigay ng karagdagang kawani kung kinakailangan. Ang County ay kukuha ng mga tauhan sa halalan na maaaring magbigay ng tulong sa wika sa Espanyol at Tagalog. Ang mga materyales sa pagboto at mga balota ay parehong Ingles at Espanyol ayon sa Seksyon 203 ng Batas sa Mga Karapatan ng Pagboto. Ang mga lokasyon ng Sentro ng Botohan ay bibigyan din ng naaangkop na karatula at kopya na mga balota sa Tagalog ayon sa mga kinakailangan ng California Kodigo ng Halalan seksyon 14201.

Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may Kapansanan - California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Ang mga Sentro ng Botohan ay magiging ganap na naa-abot ng lahat ng mga botante at susunod sa lahat ng mga kinakailangan sa pag-aabot ng pederal at estado. Ang mga pagsiyasat ng pag-aabot ay isasagawa ng sinanay na Kawani ng Halalan at ang anumang kinakailangang pagbabago ay mapapansin sa Manwal ng Inspektor ng Sentro ng Botohan.

Ang bawat Sentro ng Botohan ay magkakaroon ng hindi bababa sa tatlong madaling na naa-abot na *touch-screen* na mga aparato sa pagmamarka ng balota. Ang mga aparato ay sertipikado ng Kalihim ng Estado para sa paggamit sa mga halalan sa California at pinapayagan ang bawat botante na markahan ang kanilang balota nang independyente at pribado. Ang mga kawani ng Sentro ng Botohan ay makakatanggap ng pagsasanay sa pag-*set up* ng kagamitan, pagtulong sa mga botante sa mga kagamitan kabilang ang mga botanteng may mga kapansanan, mga isyu sa pagaayos sa kagamitan at ang wastong pag-iimbak ng kagamitan. Karagdagan pa, ang pagsasanay kung paano magbigay ng serbisyo sa isang maalalahanin at propesyonal na paraan sa mga botohan sa mga botante na may kapansanan ay ibibigay sa pagsasanay ng manggagawa sa

botohan. Susunod ang pagsasanay sa mga pamantayang itinakda ng opisina ng Kalihim ng Estado.

Ang bawat Sentro ng Botohan ay mag-aalok ng pagboto sa gilid ng bangketa bilang karagdagan sa tradisyonal na pagboto. Ang mga miyembro ng komunidad na nagnanais na gamitin ang serbisyong ito ay maaaring tumawag sa 1-800 na numero na nakalista sa Gabay sa Impormasyon ng Botante pagkatapos iparada sa itinalagang lugar na "Pagboto sa Gilid ng Bangketa". Bilang kahalili, maaaring magpadala ang mga botante ng isang kinatawan sa Sentro ng Botohan at humiling ng paggamit ng serbisyo sa ngalan ng botante. Ang mga botante ay maaari ding makipag-ugnayan sa Departamento ng Halalan nang maaga at mag-iskedyul ng tipanan para magamit ang opsyon na pagboto sa gilid ng bangketa. Ipapaalam ng botante sa taong sasagot kung saang lokasyon sila naroroon at gustong humiling ng balota sa gilid ng bangketa. Ang mga miyembro ng kawani ng Sentro ng Botohan ay magdadala ng *KNOWiNK Poll Pad* sa botante upang ma-itala *check-in*). Kapag naitala na, ang miyembro ng kawani ay kukuha ng tamang papel na balota at babalik sa botante para makaboto sila. Ang balota ay ibabalik sa mga miyembro ng kawani sa isang manggas na naglilihim (*secrecy sleeve*) upang ideposito sa kahon ng balota. Kasalukuyang sinusuri ng Departamento ng Halalan ang opsyong bumili ng *portable* na "Call Bell" na sistema para magamit sa bawat isa sa mga Sentro ng Botohan. Karagdagan pa, ang Departamento ng Mga Halalan ay mag-galugad din sa posibilidad ng pagbili ng isang kariton sa pagsisikap na lumikha ng isang *portable* na aparato sa pagmamarka ng balota na ginagamit para sa pagboto sa tabi ng bangketa. Ang serbisyong ito ay iaalok sa lahat ng lokasyon ng Sentro ng Botohan.

Disenyo at Kaayusan ng mga Sentro ng Botohan – California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(XI)

Gagamitin ang mga patnubay sa kaayusan upang matiyak na ang mga pwesto sa pagboto at mga naa-aabot na kagamitan sa pagmamarka ng balota ay inilalagay sa paraang nagpapahintulot sa isang botante na markahan ang kanilang balota nang independyente at pribado. Magiging sensitibo ang mga ayos sa mga pangangailangan na na-aabot ng mga botante, iaakma upang mapaunlakan ang iba't ibang hugis at laki ng kwarto ng bawat lokasyon, at idinisenyo na may iniisip na isang direksyon na daanan. Tingnan ang Apendise C para sa isang itsura ng kaayusan.

Dami ng mga Sentro ng Botohan na Itatatag - California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(I)(X)(vi)(I)

Ang Kagawaran ng Halalan sa County ng Kings ay patuloy na susunod sa mga alituntunin para sa pagtukoy ng bilang ng mga Sentro ng Botohan sa Kings County (para sa buong paliwanag tignan sa California Kodigo ng Halalan 4005 (a)(3)(A) and (a)(4)(A)). Ang mga kabuuan ng pagpaparehistro ay tinutukoy ng bilang ng mga rehistradong botante sa pagsasara ng operasyon sa ika-88 araw bago ang isang halalan. Ang aming kasalukuyang bilang ng pagpaparehistro batay sa 2023 kakaibang numero (*odd number*) ulat ng taon ng pagpaparehistro ay 61,276. Batay sa bilang na iyon, ang sumusunod na bilang ng mga Sentro ng Botohan ay iutos ng California Kodigo ng Halalan:

Araw Bago ang Halalan	Bilang ng Botante kada Sentro ng Botohan	Kinakailangang Bilang ng mga Sentro ng Botohan para sa Kings County
10 na araw	50,000 na botante	2 na sentro
3 na araw	10,000 na botante	7 na sentro

Ang Lokasyon at Oras ng Bawat Sentro ng Botohan - California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(I)(X)(vi)(III), §4005(a)(10)(I)(X)(vi)(VI)

Ang plano ay ipagpatuloy ang pagkakaroon ng unang dalawa sa pitong Sentro ng Botohan na matatagpuan sa mga komunidad ng Hanford at Lemoore at gagana sa loob ng kabuuang 11 araw. Ang mga Sentro ng Botohan tatlo hanggang pito ay inaasahang ilalagay tulad ng sumusunod: dalawang karagdagang sentro sa Lungsod ng Hanford, isang karagdagang sentro sa Lungsod ng Lemoore, isang sentro sa mga lungsod ng Avenal at Corcoran. Ang lahat ng Sentro ng Botohan ay patuloy na magbubukas mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa kanilang mga itinalagang araw ng operasyon at mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Ang limang karagdagang sentro ay gagana sa kabuuang 4 na araw. Tingnan ang Apendise A para sa isang listahan ng mga iminungkahing lokasyon at Apendise B para sa mga detalye tungkol sa mga pagpili ng lokasyon.

Mga Mapa ng Lokasyon ng Sentro ng Botohan - California Kodigo ng Halalan §4005(a)(10)(I)(vi)(V)

